Public Health Ontario | Santé publique Ontario

**Sakit na Coronavirus 2019**

## Paglilinis at Pagdisinfect sa mga Pampublikong Lugar

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng patnubay sa paglilinis at pag disinfect sa mga pampublikong lugar tulad ng mga paaralan, pampublikong sasakyan, mga kolehiyo at unibersidad at iba pang mga pampublikong lugar sa Ontario.


Sa karagdagang impormasyon, magpunta sa pinakamalapait na Public Health Unit sa inyong lugar.

### Ano ang kailangang malaman

- Ang mga karaniwang panglinis at disinfectants ay epektibo laban sa COVID-19.
- Ang madalas nahahawakang mga bagay ang mas posibleng nahahawaan.
- Gamitin ang mga disinfectants na may Drug Identification Number (DIN). Ang DIN ay may walong (8) numero na bigay ng Health Canada na nagpapatunay na ito ay maaring gamitin sa Canada.
- Suriin ang Expiry Date ng mga produktong ginagamit at palaging sundin ang tagubilin ng mga gumawa nito.

### Linisin ang mga madalas nahahawakang bagay dalawang beses kada araw

- Dagdag sa karaniwang paglilinis, ang mga palagiang nahahawakang mga bagay ay dapat linisin at i-disinfect dalawang beses kada araw at kung nakikitang madumi na ang mga ito.
- Mga halimbawa ng mga palagiang nahahawakang mga bagay ay *doorknobs, elevator buttons, light switches, toilet handles, counters, hand rails, touch screens* at *keypads.*
- Bukod sa karaniwang paglilinis, sumangguni sa inyong organisasyon/opisina sa mga partikular na pamamaraan sa paglilinis laban sa COVID-19.



## Pagpili ng mga Produkto

### Cleaners/Panglinis

- Nagtutunaw ng sebo at nag-aalis ng mga organic na bagay sa mga madalas nahahawakang mga gamit.
- Unang ginagamit bago ang disinfectants.
- Maaring bilhin ang cleaner at disinfectant na pinagsama na sa iisang produkto.

### Disinfectants

- May mga kemikal na pumapatay sa mikrobyo.
- Ginagamit pagkatapos gumamit ng mga cleaner.
- May DIN (Drug Identification Number).

### Disinfectant Wipes

- May pinagsamang cleaner at disinfectant sa iisang produkto.
- Maaring matuyo sanhi ng mabilis na pagtuyong katangian ng produkto. Kailangang itapon kapag natuyo na.
- Hindi inirerekomenda sa mga maduduming gamit.

## Paghahanda ng Paggamit sa mga Produkto

- Hanggang maari, gumamit ng pre-mixed na produkto
- Basahin at sundin ang tagubilin ng mga manufacturer kung paano:
  - Ang wastong paghahanda ng produkto
  - Hayaan ang tamang tagal ng disinfectant para sa pagpatay ng mikrobyo (tingnan ang Product Label)
  - Magsuot ng gwantes (gloves) kung humahawak nga cleaning products, kabilang na ang disinfectant wipes
  - Magsuot ng *Personal Protective Equipment* alinsunod sa payo ng manufacturer

## Alamin ang tungkol sa virus

Ang COVID-19 ay isang bagong virus. Ito ay kumakalat sa pamamagitan ng mga patak ng paghinga ng isang nahawaang tao papunta sa kanyang mga malapitang nakakasama tulad ng mga kasama sa bahay o sa mga nangangalaga sa kanya. Ang virus ang tumatagal at nabubuhay sa iba't ibang mga bagay ngunit napapatay naman ng pangkaraniwang mga cleaners at disinfectants.

Maaring alamin ang kasalukuyang impormasyon tungkol sa COVID-19 sa website ng Ontario Ministry of Health: ontario.ca/coronavirus.

## Mga pinakukunan:


Ontario Agency for Health Protection and Promotion (Public Health Ontario), Provincial Infectious Diseases Advisory Committee. Best practices for environmental cleaning for prevention and control of infections in all health care settings [Internet]. 3rd ed. Toronto, ON: Queen's Printer for Ontario; 2018. Available from: https://www.publichealthontario.ca/-/media/documents/bpenvironmental-cleaning.pdf

The Regional Municipality of York, Community and Health Services. Proper cleaning and disinfection practices [Internet]. Newmarket, ON: The Regional Municipality of York; 2019. Available from: https://www.york.ca/wps/wcm/connect/yorkpublic/928899a2-d56b-47af-a9a0-b6e62d8e0bb7/Proper+Cleaning+and+Disinfection+Practices.pdf?MOD=AJPERES&CVID=mVMtoGe


**The information in this document is current as of March 11, 2020**


**©Queen's Printer for Ontario, 2020**


Ontario